

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-37 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 SETYEMBRE 1999, 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY MARASKA.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Hindi Nakadalo: Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 090
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING PUNONG BARANGAY INOCENCIO VENUS NG LIBERTAD, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal ay labis na dinaramdam ng kanyang naulilang pamilya, mga kasamahan at mga kaibigan;
- SAPAGKA'T, si Kgg. Inocencio Venus ay isang masipag at mabait na lingkod-bayan na sa loob ng mahigit na tatlung taon ay naglingkod bilang Barangay Kagawad (1965 - 1994) at sa huling mga taon (1994 - 1997) bilang Punong Barangay ng Barangay Libertad at sa buong panahong ito ay nagpamalas ng dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa mga taong kanyang pinaglingkuran;
- SAPAGKA'T, sa buong panahong ito, sinikap niyang ilapit ang pamahalaan sa mga mamamayan, inalam at tinulungang mabigyang-kaiutasan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong barangay;
- SAPAGKA'T, bilang ama at haligi ng barangay ginampanan niya ang mga tungkulin at responsibilidad nang may pagpapahalaga sa tiwala ng mga namumuno at ng taong-bayan;

[Signature]

[Signature]

SAPAGKA'T, ang kanyang pagyao ay isang malaking kawalan sa kanyang mga kababayan, mga kasamahan sa gawain, at higit sa lahat, sa kanyang pamilyang umaasa sa kanyang pagmamahal at pagtangkilik;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, kasama ang mga pinuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikidalamhati at nakikiramay sa mga nauula ni dating Punong Barangay Inocencio Venus.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging Punong Barangay Inocencio Venus ng Libertad, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng namayapang naging Punong Barangay Inocencio Venus lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay : 27 Setyembre 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mez/

AC C/O MARI 9-29-99
11:30 A.M.